

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinapakita ng Lungsod ang Brampton sa isang pandaigdigang audience na higit sa 35,000 sa Kumperensyang Collision

BRAMPTON, ON (Hunyo 30, 2022) – Sa nakalipas na linggo, ipinakita ng Lungsod ng Brampton ang Brampton sa pinakamalaking personal na pagtitipon ng teknolohiya makalipas ang higit sa dalawang taon sa isang sold-out na kumperensya na may higit sa 35,000 negosyante, mga nagsisimula pa sa negosyo (start-ups) at mga influencer sa higit sa 130 bansa sa Kumperensyang Collision sa Toronto.

Nahikayat ng Brampton booth ang libo-libong mga panauhin sa loob ng higit sa tatlong araw, kabilang ang mga ministro ng pamahalaan at mga personality ng isport at media. Ipinakita nito ang Innovation District at mga partner nito, kabilang ang Brampton Entrepreneur Centre, Bhive Brampton, Altitude Accelerator, The Founder Institute, Algoma University, Sheridan College, Rogers Cybersecure Catalyst, ang Brampton Venture Zone, at espesyal na panauhin na Brampton Batman.

Nakatuon sa pagtayo ng isang malakas na ecosystem para sa mga nagsisimula sa negosyo, sa mga negosyante at sa komunidad, ang Brampton Economic Development ay nagsisikap para makalikha ng de-kalidad na pamumuno, pinapatibay ang umiiral na mga relasyon sa kumpanya, at dinagdagan ang brand ng Lungsod sa mga espasyo ng inobasyon, teknolohiya, at pagnenegosyo. Kumonekta ang Brampton team sa daan-daang mga nagsisimula sa negosyo na mga Canadian at sa buong daigdig, nakipagsapalaran sa mga capital firms, mga angel, at mga mamumuhunan, at inimbita sila na bumisita sa Brampton Innovation District – na marami ang nagpapakita ng interes sa pagsali sa world class na programang magagamit.

Bilang bahagi ng commitment nito sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat, ang Brampton Economic Development ay nakipagtulungan sa mga organizer ng Collision Conference na nag-isponsor ng komplimentaryong mga tiket sa isang delegasyon ng 362 na mga Black entrepreneur at kabataan mula sa Brampton para dumalo, makinabang mula sa, at lumahok sa Collision Conference. Sumuporta rin ang Lungsod sa networking at pagpapalakas sa resepsyon para sa mga bata pang mga negosyante na black at propesyonal na dumalo sa Collision.

Ang Lungsod ay ang tanging munisipalidad na lumahok sa curated Africa Day sa programang Collision – isang event na hinost ng BKR Capital, TechStars, at Dream Legacy Foundation na nagdiwang at nagpakita sa nanghungunang mga African start-up sa Collision.

Higit sa 15 start-up mula sa Brampton Innovation District ang nagkaroon ng pagkakataon na sabihin ang kanilang mga ideya at ipinakita sa kanilang sariling booth sa kumperensya. Ang Brampton booth ay nag-host din ng isang Brampton talent development pipeline exhibit, na nagtatampok ng pagpapamalas ng live robotics na pinangunahan ng Centre for Advanced Manufacturing and Design Technologies ng Sheridan College, pati na rin ng spotlight showcase ng bagong programang Sports ng Algoma University.

Tungkol sa Collision

Ang [Collision](#) ay ang pinakamabilis na lumalaking kumperensya ng teknolohiya sa North America, pinagsasama-sama ang “pinakamahusay na mga tagapagsalita ng mundo,” nangungunang mga kumpanya ng teknolohiya, at nangungunang media. Ito ang pang-apat na pagkakataon na ang Economic Development Office team ng Lungsod ng Brampton ay sumali sa pandaigdigang event, kasama ang mga partner ng [Brampton Innovation District](#) at ang espesyal na panauhin, ang Brampton Batman.

Tungkol sa Brampton Innovation District

Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na lumalakas at binubuksan ang potensyal sa ekonomiya ng downtown nito sa pamamagitan ng pagbuo ng ecosystem ng inobasyon at entrepreneurship: ang Brampton Innovation District.

Ang Innovation District ay may matalas na pagtuon sa paglago ng start-up, paghikayat ng pamumuhunan at paglinang sa talento, at nagbibigay ng lokal na suporta para sa mga negosyante at bagong negosyo. Nag-aalok din ito ng mga resource para suportahan ang inobasyon at mga kumpanya ng teknolohiya sa paglikha ng bagong teknolohiya. May kasunduan na nagsimula noong 2019, committed ang Lungsod sa pamumuhunan ng tinatayang \$20.5 milyon sa Innovation District nito, na may karagdagang tinatayang \$55.2 milyon sa pamumuhunan na kinaugnayan ng mga partner ng Innovation District.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Innovation District, bisitahin ang www.bramptoninnovationdistrict.com o panoorin ang [Innovation District video](#) ng Lungsod.

Mga Quote

“Ang Collision ay isa sa nangungunang mga kumperensya sa teknolohiya sa mundo, pinagsasama-sama ang mga tao, mahuhusay na mga ideya at ang nangungunang mga kumpanya ng mundo. Ipinagmalalaki ko na sumali sa ating Economic Development team sa Collision sa nakalipas na linggo para i-highlight kung bakit ang Brampton ay isang napakahusay na lokasyon para mamuhunan. Ang ating Lungsod ay nasa gitna ng kapana-panabik na transpormasyon, at kasama ang ating mga partner, dini-debelop natin ang ating Innovation District tungo sa isang hub ng edukasyon at inobasyon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad na may kamangha-manghang mga resource para ang mga negosyante at mga nagsisimula sa negosyo ay umunlad, at kasama ang ating mga partner, itinatayo natin ang isang ecosystem ng inobasyon para magbigay pakinabang sa ating mga residente at negosyo. Salamat sa ating Economic Development team para sa pagpapakita sa Brampton sa isang pandaigdigang audience ng 35,000 sa Collision sa nakalipas na linggo. Seryoso ang Brampton, at inaasahan natin ang patuloy na paghikayat at pananatili sa nangungunang mga pandaigdigang kumpanya sa ating komunidad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Brampton Economic Development Office ay patuloy na nangunguna sa daan sa pagdebelop sa ating lungsod tungo sa isang hub ng edukasyon at inobasyon para magbigay pakinabang sa ating buong komunidad. Salamat sa ating team para sa pag-highlight sa mga lakas ng Brampton sa isang

sold out, pandaigdigang audience sa Kumperensya ng Collision sa nakalipas na linggo. Nananatili tayong dedicated sa pagpapatibay sa Brampton bilang isang pangunahing lokasyon para mamuhunan, at pinapalakas ang unique na posisyon ng Brampton sa Innovation Corridor.”

- Clare Barnett, Director, Economic Development, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca